# Mga Bakuna sa COVID-19 para sa Kabataan Pag-unawa sa Pahintulot

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

Inirerekomenda ng Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington) na magpabakuna ang lahat ng taong may edad na 6 buwan pataas. Maraming provider ang kailangan ng pahintulot ng isang magulang o tagapag-alaga upang mabakunahan ang mga taong wala pa sa edad na 18. Gayunpaman, kung wala ka pang 18 at nakakapagsarili ka at malaya sa pangongontrol ng iyong mga magulang, maaari kang magpahintulot para sa sarili mo sa ilang sitwasyon o kumuha ng pahintulot sa tulong ng iyong paaralan kung wala kang tiyak na tirahan at kasamang magulang o tagapag-alaga. Ipinapakita ng dokumentong ito ang iba-ibang uri ng pahintulot na pinapayagan sa ilalim ng batas ng estado, kung paano makahanap ng provider na makakapaglingkod sa iyo, at kung paano paghandaan ang appointment mo para sa bakuna.

## Mga nasa hustong gulang na maaaring magpahintulot para saiyo:



- Magulang
- Tagapag-alaga o legal custodian (legal na itinalagang tagapangalaga)
- Isang taong itinuturing na magulang o iba pang taong awtorisado ng hukuman na magbigay ng pahintulot para sa medikal na pangangalaga ng isang batang nasa out-of-home placement (inilikas paalis sa kanyang tunay na bahay) (Kabanata 13.32A o 13.34 Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington))
- Isang taong may pirmadong awtorisasyong makapagpasya kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan para sa iyo
- Isang kamag-anak na may pananagutan para sa iyong pangangalagang pangkalusugan
- Isang nars, tagapayo, o tagapamagitan para sa mga walang tirahan sa paaralan (kung tinutukoy ka bilang walang tirahan alinsunod sa pederal na McKinney-Vento Homeless Education Act)*

## Maaari kang magpahintulot para sa sarili kung:



- **Ikaw ay legal na emancipated (pinalaya mula sa pangongontrol ng iba).** Ikaw ay 16 na taong gulang pataas at naghain at pinagkalooban ng emancipation mula sa iyong mga magulang.
- **Ikaw ay kasal sa isang emancipated na menor de edad o sa isang nasa hustong gulang.**
- **Napagpasyahan ng isang provider na ikaw ay menor de edad na may kakayahang magpasya** sa ilalim ng Mature Minor Doctrine (Doktrina sa Menor de Edad na May Kakayahang Magpasya).**

### *Karagdagang impormasyon tungkol sa pahintulot gamit ang McKinney-Vento:

Sa ilalim ng batas ng estado, ang mga nars, tagapayo, at tagapamagitan para sa mga walang tirahan sa paaralan ay awtorisadong magbigay ng pahintulot para sa pagpapabakuna ng kabataan o nakakabatang taong nasa hustong gulang (tulad ng tinutukoy sa ilalim ng pederal na McKinney-Vento homeless education act – nasa wikang Ingles lang) na wala sa physical custody (hindi naninirahan kasama) ng isang magulang o tagapag-alaga.

**Link para sa dulugan:** Ang National Center for Homeless Education, *Pagsuporta sa Edukasyon ng mga Mag-aaral na Walang Kasama at Tirahan,* https://nche.ed.gov/wp-content/uploads/2018/10/youth.pdf - nasa wikang Ingles lang

### **Karagdagang impormasyon tungkol sa Mature Minor Doctrine:

Pinapayagan ng ilang provider ang mga menor de edad na magbigay ng may bisang pahintulot sa ilalim ng “Mature Minor Doctrine” kung may kakayahan silang unawain o pahalagahan ang mga kahihinatnan ng isang paraan ng paggamot.

Upang mapagpasyahan kung "mature minor" ang pasyente, susuriin ng mga provider ang edad, talino, maturity (wastong pag-iisip), pagsasanay, karanasan, pagkakaroon o kawalan ng sariling panggastos, pangkalahatang asal bilang taong nasa hustong gulang at kalayaan mula sa pangongontrol ng mga magulang.

## Tumatanggap ng pahintulot ang mga provider sa ilang iba-ibang paraan.

- Verbal na pahintulot (sa pamamagitan ng telepono o nang personal)
- Nakasulat na pahintulot (isang form)
- Ang ilan ay kailangan ng parehong nakasulat at verbal na pahintulot.
- Personal na pahintulot ng taong nasa hustong gulang na siyang magpapahintulot para sa iyo.

# Mga tip para sa pagpapabakuna

- ☐ **Gamitin ang mga opsiyon sa pag-filter sa Vaccine Locator (Panghanap ng Bakuna) (vaccinelocator.doh.wa.gov) o tawagan ang provider upang malaman kung anong uri ng pahintulot ang tinatanggap.** Ang mga Angkop sa Kabataan na opsiyon sa pag-filter sa Vaccine Locator ay makakatulong sa iyo na maghanap ng provider na akma sa iyong sitwasyon. Halimbawa, kung may nasa hustong gulang na makakapagpahintulot para sa iyo ngunit hindi makakasama sa appointment mo, maghanap ng provider na tumatanggap ng nakasulat na pahintulot.
- ☐ **Maghanap ng mga lokasyon ng pagbabakuna na tumatanggap ng mga walk-in (walang appointment) o tumawag upang magpa-appointment**, kung wala kang magulang/tagapag-alaga na makakapagsagot ng form online. Maraming provider ang nagpapasagot ng form ng pahintulot sa isang magulang o tagapag-alaga upang makapagpa-appointment online.
- ☐ **Alamin sa iyong paaralan.** Kung wala kang tiyak na tirahan, maaaring naaangkop sa iyo ang McKinney-Vento. (Tingnan ang harap para sa karagdagang impormasyon.) Maaari kang makipagtulungan sa nars, tagapayo, o tagapamagitan para sa mga walang tirahan sa paaralan upang makapagpahintulot.
- ☐ **Paghandaan ang uri ng pahintulot na kailangan mong ibigay:**
  - ☐ Kung kailangang magsama ng isang nasa hustong gulang sa iyong appointment, makipag-ugnayan sa kanya.
  - ☐ Kung tumatanggap ang provider ng nakasulat na pahintulot, alamin kung mapi-print at mapipirmahan ng taong magpapahintulot para sa iyo ang form.
  - ☐ Kung ikaw ay emancipated na menor de edad, o kasal sa isang emancipated na menor de edad o sa isang nasa hustong gulang, maaaring kailangan mong magdala ng dokumentasyon.
  - ☐ Kung tatanggap ka ng pahintulot gamit ang McKinney-Vento, at nag-aalala kang may mga itatanong ang provider, maaari kang magdala ng kopya ng batas sa Pagpapahintulot nang May Kaalaman: RCW 7.70.065 – nasa wikang Ingles lang at bigyang-linaw ang bahaging partikular sa mga paaralan. (Link papunta sa batas: https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=7.70.065 – nasa wikang Ingles lang). Tandaan: HINDI ito kinakailangan.
  - ☐ Kung hangad mong magpahintulot para sa iyong sarili sa pamamagitan ng Mature Minor Doctrine, maaaring kailangan mong magbigay ng dokumentasyon at impormasyon na nagpapakitang nakakapagsarili ka at malaya sa pangongontrol ng iyong mga magulang. Hindi ito kinakailangan ng lahat ng provider ngunit maaari itong makatulong. Ang ilang provider ay hindi nagpapasya sa site kung sino ang maituturing na "mature minor," ngunit tinatanggap nila ang naging pasya ng mga nakaraang provider sa kung sino ang maituturing na "mature minor."

Washington State Department of HEALTH

DOH 825-018 July 2023 Tagalog
Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov